

Pampublikong Kalusugan – Seattle & King County 2024-2029 Buod ng Estratehikong Plano



Liham Mula sa Direktor

Alam ko kung ano ang iniisip mo: *isa pang nakababagot na estratehikong plano*. Pakiusap ko ay maniwala ka sa akin kapag sinabi ko na hindi ito ang iyong karaniwang estratehikong plano.

Una, hindi lang nito inililista ang *aming ginagawa*; lahat ng mga kritikal na aktibidad na ginagawa araw-araw ng aming departamento. Napakaraming ilista at, sa anumang kaganapan, ang mga bagay ay pinipili naming gawing naiiba.

Nagulat? Mabuti.

Natutuwa akong ibahagi sa inyo ang bagong estratehikong plano ng Pampublikong Kalusugan. Sa bagong planong ito, iba ang ginagawa namin. Nagsisimula kami sa kung *bakit* namin ginagawa ang aming trabaho – ang pagtugon sa Rasismo bilang isang pampublikong krisis sa kalusugan – at kung *paano* naming gagampanan ang aming trabaho – sa pamamagitan ng pagsentro sa laban sa rasismo, katarungang pangkalusugan, kapakanan ng mga manggagawa, at pakikipagsosyo. Ang *bakit* at *paano* ay ang gagabay sa kung paano naming tutugunan ang ilan sa mga pinakamabigat na isyu sa kalusugan sa panahon natin ngayon – ang kung *ano* sa planong ito.

Inihahanda tayo ng pamamaraang ito na maging handa sa anumang bagay. Naniniwala kami na ang patuloy na nagbabago sa pampublikong kalusugan: ang mga lumang banta ay muling lilitaw at ang mga lumilitaw na bago. Kung tayo ay nagkakaisa tungkol sa kung *bakit* at *paano*, maaari nating harapin ang anumang maaaring dumating sa atin.

Pampublikong Kalusugan – Seattle & King County ay nagbabago mula sa isang matinding, maraming taon na emerhensiyang pagtugon sa pandemiya ng COVID-19, kung saan ang hindi pagkakapantay-pantay ng lahi ang aming pinakamalaking hamon. Ang pandemya ng COVID-19 ay lumikha ng trauma at pagkahapo sa aming mga manggagawa at pinilit ang aming departamento, at ang mga departamento ng pampublikong kalusugan sa buong bansa, na muling pag-isipan kung paano ginagawa ang aming trabaho.

Habang magkasama tayong sumusulong sa hinaharap, ang Pampublikong Kalusugan ay nalulugod na ibahagi ang aming estratehikong plano para sa 2024-2029, na binubuo sa mga aral na natutunan mula sa pandemya ng COVID-19, kasama ang mga tinig ng komunidad at kawani, at nagtatakda ng landas ng aming departamento para sa susunod na anim na taon. Bagamat matagal ng bahagi ng pangunahing gawain ng Pampublikong Kalusugan ang pag-aalis ng mga pagkakaiba sa kalusugan, sadyang sinakap namin na bumuo ng planong ito gamit ang isang prosesong laban sa rasismo, at ang plano mismo ay naglalaman ng laban sa rasismo at sa pagkakapantay-pantay ng lahi sa kabuuan.

Ang aming departamento ay hindi naging ligtas sa mga dekada ng kakulangan sa pagpopondo na naging dahilan upang ang pambansang sistema ng pampublikong kalusugan ay hindi handa na protektahan ang kalusugan ng mga tao ng King County. Ang mga kamakailang pamumuhunan ng pederal at estado sa imprastruktura ng pampublikong kalusugan at mga pangunahing



*Dr. Faisal Khan, Director of Public Health
–Seattle & King County*

serbisyo sa pambublikong kalusugan ay malugod na tinatanggap at mahalagang mga hakbang, at nananatili ang pangangailangan para sa nadagdagan, nababaluktot, at napapanatiling pagpopondo para maiwasan ang pagbabalik sa mga makasaysayang mga siklo ng boom-and- bust ng pagpopondo sa kalusugan ng publiko.


Ang bagong estratehikong planong ito ay dumarating sa panahon na ang Pampublikong Kalusugan ay nahaharap sa mahalagang desisyon tungkol sa magiging kalagayan nito. Habang binubuo namin ang badyet para sa mga darating na taon, ang planong ito ay magbibigay impormasyon para sa mga desisyon tungkol sa mga estratehikong pamumuhunan ng departamento at magbibigay ng direksyon habang natutugunan namin ang pinaka-kailangang mga hamon sa kalusugan na kinakaharap ng King County.

Habang nakamit namin ang mga layunin na nakasaad sa planong ito, naglalayong gumawa kami ng mga hakbang sa pagtugon sa mga epekto sa kalusugan ng rasismo, pagbabago ng klima, karahasan sa baril, labis na dosis, kawalan ng tirahan, at iba pang mga hamon sa kapakanan ng mga komunidad na aming pinaglilingkuran. Palalakasin namin ang mga pangunahing aktibidad ng aming departamento sa pag-iwas, promosyon, at pagtitiyak, gayundin ang aming mga pakikipagsosyo, pakikipagtulungan, at imprastruktura. Ang planong ito ay magkakaroon ng malawak na epekto, ngunit ang mananatiling pare-pareho sa susunod na 6 na taon ay ang aming pangako sa paggawa ng makabago at pagbabago sa aming trabaho upang magbigay ng mataas na kalidad ng mga serbisyo sa pambublikong kalusugan batay sa Foundational Public Health Service ng Washington (Pundasyon ng Serbsiyo sa Pampublikong Kalusugan ng Washington) bilang isang diskarte para sa pagpapatupad ng national 10 Essential Public Health Services (pambansang 10 na Mahahalagang Pambublikong Serbisyo sa Kalusugan) at Public Health 3.0 frameworks (Pampublikong Kalusugan 3.0 na mga balangkas).

Ang planong ito ay hindi magiging posible kung hindi dahil sa pakikilahok ng aming mga kawani at kasosyong organisasyon sa aming mga maraming komunidad ng King County. Partikular na nais kong pasalamatan ang mga miyembro ng aming Staff Advisory Group (Pangkat ng Tagapayo ng Kawani) at mga kasosyo sa komunidad para sa kanilang input at gabay upang matiyak na ang aming bagong estratehikong plano ay nakasentro sa mga kawani at komunidad. Ang kanilang pagsisikap, mga matalinong mga kontribusyon, at pangako sa kalusugan ng ating pamayanan ay naging mahalaga sa paghubog ng estratehikong planong ito.

Bagama't hindi magiging madali ang mga hamon sa hinaharap, nananatili kaming matatag sa aming pangako sa paglikha ng King County kung saan ang kalusugan, kagalingan, at pagkakapanta-pantay ng lahi ay nararanasan araw-araw, ng lahat. Inaaasahan naming ibahagi sa inyo ang aming pag-unlad at anyayahan ang inyong pakikipagtulungan sa pagsasakatuparan ng mga ambisyong ito para sa kalusugan ng ating mga kaibigan, kapitbahay, at komunidad.

Nakuha ang iyong atensyon ? Pakiusap na magpatuoy basahin.



Dr. Faisal Khan, Director of Public Health — Seattle & King County



Buod ng Ehekutibo

Pampublikong Kalusugan – Inilalarawan ng estratehikong plano ng Seattle at King County na 2024-2029 kung paano naming tutugunan ang pinakapatuloy at agarang hamon sa kalusugan na kinakaharap ng King County, nasanib na Rasismo ay isang Pampublikong Krisis sa Pangkalusugan sa ating pang-araw-araw na Gawain, at palakasain ang ating mga pangunahing tungkulin upang protektahan at itaguyod ang kalusugan.

Mahalaga ang mga isyu sa kalusugan na kinakaharap ng mga mamamayan ng King County. Ang mga masalimuot na isyung ito ay dapat matugunan ng maraming sektor at kasosyong nagtutulungan. Ang planong ito ay inilalarawan kung paano itutuon ng Pampublikong Kalusugan ang mga aktibidad at mapagkukunan ng departamento upang matugunan ang mga banta sa kalusugan ng komunidad. Ang Estratehikong plano ay gagabay din sa Pampublikong Kalusugan sa pagpapalakas ng panloob na kapasidad at imprastraktura sa mga paraan na sumusuporta sa lahat ng mga programa sa buong departamento upang mas matugunan ang mga pangangailangan sa kalusugan ng populasyon.

Sa kurso ng pagbuo ng planong ito, humigit-kumulang 100 sa ating komunidad at mga kasosyo sa sistema ng pampublikong kalusugan, pati rin ang mga empleyado sa buong departamento, ang nagbigay ng feedback sa mga sesyon ng pakikinig at mga panayam. Noong taglagas ng 2023, nagtipon kami ng isang serye ng Strategic Planning Conversations (Mga Pag-uusap sa Madiskarteng Pagpapaplano), kung saan ang mga kawani ay nagtrabaho kasama ng mga kasosyo sa komunidad upang gamitin ang feedback na ito bilang isang pundasyon para magkatuwang na bumuo ng bagong pananaw, misyon, mga pagpapahalaga, at priyoridad ng Pampublikong Kalusugan.

PANANAW

Kalusugan, kapakanan, at pagkakapantay-pantay ng lahi – araw-araw para sa lahat sa King County.

MISYON

Upang itaguyod at pagbutihin ang kalusugan at kapakanan ng lahat ng tao sa King County sa pamamagitan ng pangunguna sa pagkakapantay-pantay ng lahi at pagbabago ng mga sistema at istraktura na nakakaapekto sa kalusugan.

MGA PAGPAPAHALAGA

Pagkakapantay-pantay, pamumuno, pakikipagtulungan, pakikipagsosyo sa komunidad, pananagutan, at pagtatrabaho galing sa umpisa ng proseso upang matugunan ang mga panlipunang determinante ng kalusugan at ugat ng mga hindi pagkakapantay-pantay sa kalusugan.

Mga prayoridad na lugar



Ang Pampublikong Kalusugan ay umaasa sa isang kumplikadong hanay ng pederal, estado, at lokal na mga mapagkukunan ng pagpopondo, kabilang ang mga gawad. Ang matagumpay na pagpapatupad ng maraming aktibidad na nakabalangkas sa estratehikong planong ito ay nakasalalay sa pagkakahayan ng mga kasalukuyang mapagkukunan o pagkakakilanlan ng mga bagong mapagkukunan at pakikipagsosyo. Nilalayon ng Pampublikong Kalusugan na maging maagap sa paghahanap ng mga mapagkukunang ito at sa paggamit ng planong ito upang ipalam ang mga istrategikong pamumuhunan ng aming departamento habang patuloy namin ang aming paglalakbay patungo sa pagiging isang makatarungang kagawaran ng kalusugan.

Upang matutu ng higit pa, mangyaring tingnan ang aming buong ulat na makukuha sa kingcounty.gov/health/strategicplan

KONTAK SA PUBLIKONG KALUSUGAN

Telepono: 206-296-4600

Email: publichealth@kingcounty.gov

Web: kingcounty.gov/health

Blog: publichealthinsider.com



Public Health 
Seattle & King County

Mga alternatibong pormat na magagamit.

Tawagan 206-263-8870 o TTY: 711.

